



No. 338 Mayo 2023

Filipino Edition

Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay isang multilingual monthly paper na lumalabas sa unang linggo ng buwan. Ito ay gawa ng International Affairs ng Koshigaya City.

Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA), ☎048-963-9114

City Hall Main Building – 3F, Community Activity Support Section



Visit our website♪

Disaster Prevention Drill 2023

Ano ang gagawin kung may lindol, sunog, may nakitang taong natumba sa daan at iba pa? Magkakaroon ng seminar at drill kung ano ang mga dapat gawin sa panahong ito. Pwedeng sumali kahit sino mula bata hanggang sa nakakatanda, hapon man o dayuhan. Ang ebento na ito ay libre kaya hali na at sumali!

Kailan: Hunyo 10, Sabado / 9:20am – 12:00 noon

Saan: Koshigaya Fire Department (10-minute walk mula Kita-Koshigaya station east exit)

Sino ang pwedeng sumali: Kahit sino pwedeng sumali.

Ilan ang pwedeng sumali: 60 ka tao (max)

Detalye ng gagawin:

- Pagranas ng malakas na lindol gamit ang earthquake simulation vehicle
- Pagsasanay o pagranas ng paggamit ng fire extinguisher
- Pagsasanay kung paano gamitin ang AED at kung paano magbigay ng first aid o pang-unang lunas tuwing may nasugatan
- Pag-aaral kung paano maging handa kung may darating na kalamidad o sakuna atbp.
- May ipamimigay na emergency food sample sa araw ng ebento.

Aplikasyon: Tumawag, mag-email o di kaya mag-apply online hanggang Hunyo 5.

*Para sa online na pag-apply, basahin ang QR code sa ibaba.

*Pwedeng sumali kahit hindi marunong o kabisado ang wikang Hapon. Magpa reserba lamang in advance ng interpreter kung kinakailangan.

Mga paalaala:

- Walang maparadahan ng sasakyan. Maglakad, mag-bisekleta o mag-tren papunta sa lugar.
 - Magsuot ng damit at iba pa na maging kumportable ang pagkilos.
- Magdala ng inumin (tubig / ocha) kung kinakailangan.

Impormasyon: Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA)

City Hall Main Building 3F

☎048-963-9114 / Email: shikatsu@city.koshigaya.lg.jp




越谷特別市民
ガーヤちゃん



For online application

Mga lugar kung saan makapag-aral ng Japanese Language

May mga lugar kung saan pwedeng makapag-aral ng Japanese na maging malapit kung saan kayo nakatira. At meron ding materyales na libre para sa mga gustong mag-aral online. Basahin ang mga QR codes sa ibaba para sa detalye.

Japanese Language Classes sa Koshigaya City	
Japanese Language Classes sa Saitama Prefecture	
Online materials na gawa ng Agency of Cultural Affairs, Japanese Language Division <i>(Tsunagaru Hirogaru Nihongo de no Kurashi → Connect and Enhance Your Life in Japanese)</i>	

Tumatanggap ng aplikasyon para sa public housing


Ang public housing ay bahay na pinapaupahan ng siyudad. Pwedeng tumira sa mga bahay na ito sa napaka-murang renta. Ngunit, may mga kondisyon at iba pa kung sino ang pwedeng tumira. Para sa mga gustong mag-apply, tingnan ang gabay ng aplikasyon.

Available housing:

Shichizacho medium-rise housing (General housing)	2DK	1 bakante	Mula dalawang (2) okupante
Nishi-Obukuro medium-rise housing (Para sa pamilya na may mga bata)	3DK	1 bakante	Mula tatlong (3) okupante

Kailan ang aplikasyon: Hunyo 1 - 21. Ipadala ang aplikasyon sa opisina o adres sa ibaba.

Saan makukuha ang gabay at porma ng aplikasyon:

1) City Hall	General reception desk, Main building – 1F	
	Floor guide desk, Building 2 – 1F	
	Housing and Construction Inspection Section (KENCHIKU JUTAKU KA), Main Building – 6F	
2) Northern and Southern branch offices ng city hall		Koshigaya City Website♪
3) Community Center/s		
*Pwedeng i-print ang porma at gabay ng aplikasyon sa website ng Koshigaya.		

Impormasyon:

Saitama Housing Provision Corporation, Municipal Housing Section

☎048-829-2873 (8:30am - 5:15pm, Maliban sa Sabado, Linggo at public holidays)

Adres: 〒330-8516 Saitama-shi Urawa-ku Nakacho 3-12-10

Disaster Preparedness Corner




May kopya ka na ba ng Disaster Preparedness Guidebook?

(Available sa English, Chinese, Vietnamese & Simple Japanese version)

Ang Koshigaya disaster preparedness guidebook ay naglalaman ng impormasyon upang maging handa at mabawasan ang anumang pinsala at iba pa tuwing may lindol at baha. Humingi ng kopya at gamitin ito bilang gabay sa iyong paghahanda.

Saan pwede makakuha ng kopya: City Hall Main Building 3F

1) Crisis Management Office 2) Community Activity Support Section

Koshigaya City Comprehensive Disaster Preparedness Guidebook (Koshigaya-shi Sogo Bosai Guidebook)		
Koshigaya City Comprehensive Disaster Preparedness Guidebook in English, Chinese, Vietnamese and simple Japanese.		

Impormasyon: Crisis and Management Office (KIKI KANRI SHITSU)

City Hall Main Building 3F, ☎ 048-963-9285

~Tomoni Aruko~



Illustrated by Saiinji

Ang pahina na ito ay nagpapa kilala ng mga sumusuporta sa proyekto kaugnay sa isang multi-kulturang pamayanan. Ang magbabahagi ngayong buwan na ito ay si Kikuchi Masami-san. Siya isa sa mga boluntaryong nagtuturo ng Japanese sa Nihongo Circle tuwing Miyerkules.

Ako ay nagtuturo bilang volunteer sa mga gustong matuto ng wikang Hapon o Japanese. Sa naalipas na limang (5) taon at sa aking makakaya, naghahanda ako ng mga materyales na pwedeng kong magamit sa pagtuturo. Na-realize ko habang nagtuturo na kailangan kung muling pag-isipan at bigyang pansin ang mga bagay tulad ng kultura at salita na normal kong ginagamit sa araw-araw. At naisip ko rin na lalong mas maipapaliwanag ko ng husto sa nag-aaral ang wikang Hapon kung may kaalaman o background din ako sa kanyang wika o kultura. Nang sa ganun, magkakaroon ng pag-uunawaan at malalim na komunikasyon ang bawat isa.

Ang wika ay isa sa kultura ng bansa. Ang pagtuturo ng wika ay pagtuturo din ng kultura ng bansa. Ang pag-suporta sa pag-aaral ng wika ay isang paraan ng pagpapalitan ng kultura. Ibig sabihin, alisin ang pader na naging hadlang sa relasyon o naging pagitan sa nagtuturo at tinuturuan. Ito ay magiging oportunidad na palalawakin ang relasyon ng dalawa. Kaya bilang nagtuturo ng wikang Hapon, napaka-importante sa akin na muling harapin at intindihin ang aking sariling wika at kultura at magkakaroon ng sariling standards upang alamin at intindihin ang kultura ng iba. Ang pagtuturo o pagsuporta sa mga gustong mag-aaral ng wikang Hapon ay para sa akin isa sa mga paraan ng pagpapaunlad ng aking sarili.

Japanese Language Classes sa Buwan ng Mayo

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
	1	2	3	4	5	6
		Walang pasok	Walang pasok		Walang pasok	<ul style="list-style-type: none"> Lingual Koshigaya Tabunka Kodomo Gakushu Juku
7	8	9	10	11	12	13
		Minna de Nihongo	Nihongo Circle		Nihongo de Go!①	Lingual Koshigaya
14	15	16	17	18	19	20
		Minna de Nihongo	Nihongo Circle		Nihongo de Go!②	<ul style="list-style-type: none"> Lingual Koshigaya Tabunka Kodomo Gakushu Juku
21	22	23	24	25	26	27
		Minna de Nihongo	<ul style="list-style-type: none"> Nihongo Circle Kosumo Nihongo Salon 		Nihongo de Go!①	Lingual Koshigaya
28	29	30	31	Paalala: Mangyaring may pagbabago sa iskedyul depende sa sitwasyon ng COVID-19.		
		Minna de Nihongo	<ul style="list-style-type: none"> Nihongo Circle Kosumo Nihongo Salon 			

Minna de Nihongo

¥500/buwan

Kailan: Tuwing Martes, 10:00 am - 12:00 noon
Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F
Impormasyon: ☎ 048-989-6342 (Imaizumi-san)

Nihongo Circle

¥100/lesson

*Childcare services: ¥100
 (kailangan ng reserbasyon)

Kailan: Tuwing Miyerkules, 10:00 am - 12:00 noon
Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 4F/5F
Impormasyon: ☎ 080-5405-9191 (Tanaka-san)
<https://koshigaya-sui-nihongo.jimdofree.com/>



Kosumo Nihongo Salon

¥100/lesson

info@tabunka-kosumo.or.jp

Kailan: Tuwing Miyerkules, 7:00 pm - 8:30 pm
Saan: Hot Koshigaya, Malapit sa Kita Koshigaya station
Impormasyon: ☎ 090-5347-2041 (Kojima-san)
<https://www.tabunka-kosumo.or.jp/>



Nihongo de Go!

¥100/lesson

Kailan: Tuwing Biyernes, 1:30 pm - 3:30 pm
Saan: ①Minami Koshigaya Community Center
 ②Gamo Community Center
Impormasyon: ☎ 090-5574-7070 (Takayama-san)

Lingual Koshigaya

(Libre)

*Mag-text bago magpunta.

Kailan: Tuwing Sabado, 10:00 am - 12:00 noon
Saan: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F
Impormasyon: ☎ 080-3478-3314 (Suzuki-san)

Tabunka Kodomo

Gakushu Juku (Libre)

*Tumutulong sa pag-aaral ng bata

Kailan: Tuwing ika-1 at 3 Sabado, 1:30 pm - 3:30 pm
Saan: Community Activity Support Center (Twin City, B City - 5F)
Impormasyon: ☎ 090-7422-2002 (Ogawa-san)